1

# Lingguhang Aralin sa Filipino

Kuwarter 1

Linggo 4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Gawaing Pampagkatuto sa Filipino 1**
**Kuwarter 1: Linggo 4**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Kagawaran ng Eduaksyon – NCR sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Patnugot: Sara Z. Duterte
Ikalawang Patnugot: Gina O. Gonong

**Development Team**

**Writer:** Juan Dela Cruz
**Content Reviewer:** Jennifer G. Rama,Rowela R. Cadayona
**Illustrator:** Juan Dela Cruz
**Layout Artist:** Danilo Jr. V. Hernandez

**Management Team**

**JOCELYN DR ANDAYA** *CESO III*, Regional Director
**CRISTITO A. ECO** *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, Chief Education Program Supervisor
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor

Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| MATATAG Kto10 Kurikulum<br>Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | 1 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | Reading and Literacy |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | | Kuwarter: | Unang Markahan |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| A. *Pamantayang Pangnilalaman* | The learners demonstrate phonological awareness in decoding developmentally- and grade-level-appropriate words; understand and create simple sentences to express meaning about oneself, family, and everyday topics (narrative and informational). | | | |
| B. *Pamantayan sa Pagganap* | The learners use phonological and alphabetic knowledge to read/write words accurately with/for meaning and narrate personal experiences with family and content-specific topics. | | | |
| C. *Mga Kasanayang Pampagkatuto* | RL1PA-I-5 Identify initial sounds<br>RL1PWS-I-1 Produce the sound of the letters of L1. RL1VWK-I-2 Identify words with different functions (naming words)<br>RL1CAT-I-1 Comprehend stories | RL1PA-I-5 Identify initial sounds<br>RL1PWS-I-1 Produce the sound of the letters of L1.<br>RL1CCT-I-3 Express ideas about:<br>a. oneself and family<br>RL1CAT-I-1 Comprehend stories | RL1PA-I-5 Identify initial sounds<br>RL1PWS-I-1 Produce the sound of the letters of L1.<br>RL1CAT-I-1 Comprehend stories | RL1PA-I-5 Identify initial sounds<br>RL1PWS-I-1 Produce the sound of the letters of L1.<br>RL1CAT-I-1 Comprehend stories<br>RL1PWS-I-5 Sound out words accurately. |
| D. *Mga Layunin*<br><br>*Note: the sequence of letters to be taught in this exemplar is based on the sound frequency of a certain language. The sequence presented here is based on the Tagalog language.*<br><br>*If the division/school has its own sequence of letters to be taught based on your L1, continue using* | At the end of the lesson, the learners shall be able to:<br>Recognize nouns in short texts and simple sentences.<br><br>Review: Identify and produce the initial sound of /s/.<br>Write the letter **S**. | At the end of the lesson, the learners shall be able to:<br>Identify and produce the initial sound of /**a**/.<br><br>Write the letter **A**. | At the end of the lesson, the learners shall be able to:<br>Use common and appropriate language to express a request or ask for a favor (paki, maaari).<br><br>Review: Identify and produce the initial sound of /**a**/.<br><br>Write the letter **A**.<br><br>Identify words that begin with the target letter. | At the end of the lesson, the learners shall be able to:<br>Participate in a small group task to discuss ways of giving and responding to requests.<br><br>Blend two to three sounds heard to form a spoken word (m,s,a).<br><br>Match words with corresponding pictures. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *it. See Primer Lessons in LRMDS* | | | | |
| E. Anchor | Self-Confidence, Respect, Gratitude, Prayerfulness | | | |
| *F. Disensyong Instruksyunal* | | | | |
| *G. 21st Century Skills* | | | | |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | | | | |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | Letter **S** Song<br><br>https://www.youtube.com/watch?v=yAAWq61a6B M<br><br>https://www.youtube.com/watch?v=vb9CIkOJfvg<br>Worksheets<br>https://samutsamot.com/2015/04/17/mga-titik- o-p-r-at- s/#google_vignette<br><br>https://samutsamot.files.wordpress.com/2013/06/titik-s_1.pdf | Letter **A** song<br><br>https://www.youtube.com/watch?v=zDBnXYJH5n **M** | Letter A song<br><br>Levin R. Pabriaga, May 29, 2020,<br>https://www.youtube.com/watch?v=zDBnXYJH5n M | 1.Marungko Booklet:<br>https://tinyurl.com/marungkosample<br><br>Primer LM Tagalog, pp 7-8 ( or use the counterpart material similar to your language)<br>https://drive.google.com/drive/folders/1-jYk9TIeI8f2XJv3QXv3lCXl hVk3zSvn?fbclid=IwAR0pn8OIfXkuWiKHsBMMkMll4SZiAaLyQyEgYxIBiaVVEmeov-Gq2SvqhA0 |
| *B. Iba pang Kagamitan* | Use the instructional materials, videos, and texts in the school that are appropriate to the lesson and in the learners' L1.<br>Refer to similar primer lessons or lesson exemplars if any that correspond to the learners' L1.<br>For languages without primer, use the sequence of letters taught in Tagalog (Marungko). Find corresponding texts available in the local repositories/LRMDs. | | | |




Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | | |
| *Panimulang Gawain* | Suriin ang letrang M:<br>Ano ang tunog ng letrang ito? Ano ang pangalan ng letrang ito?<br><br>Balik-aral letrang **S**: Awitin ang **S** na kanta<br><br>Magpakita ng magic box na may mga bagay na pangalanan at tukuyin ng mga mag-aaral (aktwal na bagay o picture- saging, sabon, sapatos, susi, sisiw, simbahan)<br><br>Tumawag ng mga mag-aaral upang pumili ng isang bagay o larawan at ang buong klase ay magpapangalan sa bagay o litrato. Bigyang-diin ang tunog ng **/s/.**<br><br>Sabihin:<br>Ano ang tawag sa bagay/pagkaing ito?<br><br>(e.g. s-s-saging) | Suriin ang letrang **S**.<br><br>Naglalaro ng guessing game. Ilarawan ang mga bagay na nagsisimula sa letrang **S** at hayaan ang mga mag-aaral na hulaan ang mga ito.<br><br>Sabihin:<br><br>Anong bagay ang nagsisismula sa letrang Ss, ang isinusuot sa paa?<br>Sagot: sapatos<br><br>Magbigay ng higit pang mga halimbawa at hilingin sa mga mag-aaral na gumawa ng tunog ng **/s/**.<br><br>Pagkatapos ay ipakilala at ituro ang letrang A na kanta.<br>Letrang Aa<br>( Tono: May Tatlong Bibe)<br>May mga letra akong nakita<br>Malaki at maliit na letrang Aa<br>Ngunit silang dalawa ay walang kasama<br>Kaya't ang tunog nila ay | Awitin ang letrang A na kanta at buuin ang letra na ito gamit ang iyong mga daliri.<br><br>Sabihin sa mga mag-aaral na ang iyong asong kaibigan ay gustong ipakita sa klase ang mga paboritong bagay nito.<br><br>Maaari ba nating pagbigyan ang kaibigan kong aso?<br><br>Pagkatapos sumang-ayon ang klase, ilarawan ang bawat salita at huhulaan ng mga mag-aaral ang sagot. Ipakita ang mga larawan ng bawat salita.<br><br>Ate- kapatid mong babae<br>na mas matanda sa'yo<br><br>Apat- bilang pagkatapos ng tatlo<br>Apoy- mainit, nakasusunog at kailangan din natin ito para sa pagluluto.<br>Abaniko-isang uri ng pamaypay<br>Araw- nakikita natin ito sa langit tuwing umaga | Suriin ang mga letrang M, S, at A.<br><br>Sabihin:<br>Sabihin ang unang tunog ng mga larawang ipakikita ko:<br><br>M-manok, mani, mama, mais, mangga<br><br>S - sando, susi, suman, sisiw, sikat<br><br>A -araw, anino, ahas, aso, asin<br><br>Pagkatapos ay itanong sa mga mag-aaral ang mga salitang ginagamit sa pagpapahayag ng kahilingan o pabor (paki, maaari, atbp.).<br>Tumawag ng mga boluntaryo upang magbigay ng mga halimbawang pangungusap upang ipahayag ang isang kahilingan o pabor.<br>Pagkatapos ay itanong sa klase kung paano tutugon sa kahilingan o pabor (nagpapahayag ng pasasalamat). |



DepED MATATAG · BAGONG PILIPINAS · DEPARTMENT OF EDUCATION NCR
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | a,a,a- a,a,a-<br>a,a,a<br>Kaya't ang tunog nila ay<br>a,a,a | | |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin*<br>*ng Aralin* | Sabihin:<br>"Ang ating pag-aaralan ngayon ay ang tunog at itsura ng letrang S. Pag-aaralan din natin ang pagbibigay ng mga pangalan sa mga bagay, tao, at lugar." | Sabihin:<br>"Ang ating pag-aaralan ngayon ay tungkol sa tunog at itsura ng letrang A." | Sabihin:<br>"Ang ating pag-aaralan ngayon ay ang letrang A at ang paggamit ng mga salitang nakikiusap." | Sabihin:<br>"Ang ating pag-aaralan ngayon ay pagsasama-sama ng dalawa o tatlong tunog para makabuo ng mga salita. Pag-aaralan din natin ang paggamit ng mga salitang nakikiusap." |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/ Parirala o Mahahalagang Konsepto*<br>*sa Aralin* | Talakayin ang mga salitang hindi pamilyar sa tula/teksto, o sa L1 ng mga mag-aaral.<br>Para sa teksto sa ibaba, ipakita ang mga larawan ng:sisiw, sibuyas, suman at hilingin sa mga mag-aaral na ilarawan ang kanilang hitsura at gamit<br><br>sisiw- batang manok<br>sibuyas- ginagamit sa pagluluto<br>suman- malagkit na pagkain. | Talakayin ang mga salitang hindi pamilyar sa tula/teksto, o sa L1 ng mga mag-aaral.<br>Magpakita ng larawan ng isang "alimango" sa klase.<br>alimango- ay isang uri ng hayop na maaaring tumira sa tubig at sa lupa .Makikita ito sa dalampasigan.<br>**sireno** - siya ay nagtatrabaho bilang tagapangalaga ng mga isda at mga alimango sa palaisdaan<br>**dalampasigan** – sa gilid ng dagat | Talakayin ang mga salitang hindi pamilyar sa tula/teksto, o sa L1 ng mga mag-aaral. | Talakayin ang mga salitang hindi pamilyar sa tula/teksto, o sa L1 ng mga mag-aaral.<br>asa- damdamin o paniniwala na magiging maayos ang lahat.<br><br>masa- grupo ng mga tao. |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |
| *Pagbasa sa Mahahalagang*<br>*Pag-unawa/ Susing Ideya* | Magbasa ng teksto o tula o manood ng video na nauugnay sa aralin sa L1 ng mga mag-aaral o | Magbasa ng teksto o tula o manood ng video na nauugnay sa aralin sa L1 ng mga mag-aaral | Magbasa ng teksto o tula o manood ng video na nauugnay sa aralin sa L1 ng mga mag- | Magbasa ng teksto o tula o manood ng video na nauugnay sa aralin sa L1 ng mga mag- |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | gamitin ang sumusunod na aktibidad:<br>Basahin ang teksto sa ibaba para sa klase.<br><br>Ang Pamilyang Santos<br><br>Ito ang pamilyang Santos. Binubuo sila nina Tatay Sol, Nanay Susan, Kuya Sam, at Ate Sara.<br><br>Araw ng Sabado at lalabas sila bilang pamilya. Nag-ayos ng buhok si ate Sara gamit ang suklay. Si nanay Susan naman ay nagdala ng supot para sa<br>pamimili.<br><br>Pumunta sila sa simbahan para magdasal<br>at magpasalamat.<br>Pumunta sila sa palengke para bumili ng suman at sibuyas.<br><br>Pagbalik sa bahay, binuksan ni tatay Sol ang pinto gamit ang susi. Si kuya Sam naman ay nagmadaling tingnan ang kaniyang alagang sisiw. | o gamitin ang sumusunod na aktibidad:<br>Basahin ang teksto sa ibaba para sa klase.<br><br>Si Ali at ang kaniyang Alagang Alimango (Ang kuwentong ito ay matatagpuan sa LRMDS Portal). | aaral o gamitin ang sumusunod na aktibidad:<br>Basahin ang teksto sa ibaba para sa klase.<br>Ang Pakiusap ni Ali<br>May mga bagay na gustong gawin si Ali. Gusto niyang hiramin ang aklat ng kaniyang kuya.<br>Ang sinabi niya ay, "Kuya, maaari ko po bang mahiram ang aklat mo?"<br>Ngumiti ang kuya niya at pinahiram siya nito.<br>Pagkabigay ng libro, naalala ni Ali na magpapatulong siyang magbasa. "Kuya, pakibasa naman itong salita," ang kaniyang sinabi. Tinulungan siyang magbasa ng kuya niya.<br>Gusto rin ni Ali bumili ng atis para sa meryenda.<br>Kailangan niyang humingi ng pera sa kaniyang ama. Ang sinabi niya ay, "Ama, maaari po ba akong bumili ng atis?"<br>Natuwa ang ama niya sa kaniya kaya binigyan siya ng pambili.<br>Sa palengke, nakapili na ng mga atis si Ali. Gusto na niyang magbayad sa may-ari. "Pakikuha po | aaral o gamitin ang sumusunod na aktibidad:<br><br>Basahin ang teksto sa ibaba para sa klase.<br>Sabihin sa mga mag-aaral na basahin ang mga sumusunod na salita at ipaliwanag ang kahulugan ng bawat salita sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga larawan:<br><br>ama (a…ma)- maaaring takpan muna ang "ma", ipatunog muna ang "a". Pagkatapos ituro ang letrang M at ipabigay ang tunog na /m/. Idugtong ang letrang a at tuloy-tuloy na ipabigkas ang tunog (e.g. aaammmaaa…ama)<br>asa /a/ /s/ /a/)<br><br>mama (/ma/ /ma/)<br>sama (/sa/ /ma/)<br>masa (/ma/ /sa/) sasama (/sa/ /sa/ /ma/)<br>masama (/ma/ /sa/ /ma/) |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Ang araw ng Sabado ay araw din ng pahinga ng pamilyang Santos. | | ang bayad," aniya sa may-ari. Natuwa ito sa kaniya kaya dinagdagan pa ng isang atis ang pinamili niya. Masayang umuwi si Ali dahil dito. | |
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/ Susing Ideya* | Pagkatapos basahin, hilingin sa mga mag-aaral natumugon sa mga sumusunod na tanong:<br>1.Sino ang mga tauhan sa ating kuwento?<br>2.Saan sila pumunta?<br>3.Ano ang mga ginawa nila sa bawat lugar?<br>4.Ano ang mga bagay na ginamit nila?<br><br>Tawagan ang mga mag-aaral upang ibahagi ang kanilang mga sagot at puna.<br><br>Malaking aklat ng S: Magpakita ng aklat na ginawa ng guro at sabihin sa mga mag-aaral na kailangan mo ng tulong upang pagbukud-bukurin ang mga larawan batay sa kuwentong binasa sa aklat. Magtalaga ng pahina para sa bawat kategorya (tao, lugar, hayop, pagkain, bagay).<br><br>Pagkatapos ay tawagin ang mga mag-aaral upang pumili ng isang | Pagkatapos basahin, hilingin sa mga mag-aaral natumugon sa mga sumusunod na tanong:<br>1.Sino ang masipag at masayahing bata?<br>2.Ano ang alaga ni Ali?<br>3.Ano ang ginawa at natutuhan ni Ali pagkatapos ng kaniyang panaginip?<br>4.Bakit mahalagang pangalagaan ang kalikasan?<br>5.Ano ang dapat nating ipagpasalamat sa Diyos ayon sa kuwentong napakinggan?<br><br>Pagkatapos ay suriin ang mga salita sa kuwento na nagsisimula sa letrang A.<br><br>alimango, Ali, ate, anak, araw<br><br>Ipakita ang larawan ng mga salitang ito: | Pagkatapos basahin, hilingin sa mga mag-aaral na tumugon sa mga sumusunod na tanong:<br>1.Sino ang bida sa ating kuwento?<br>2.Ano ang mga gusto niyang gawin?<br>3.Ano ang ginawa niya? Ano ang mga salitang ginamit niya?<br><br>Awitin ang A song. Pagkatapos ay sabihin sa mga mag-aaral na kailangan ni Ali na magsanay bumuo ng ilang mga salita na magsimula sa letrang A. Ipaturo ang bawat letra, hayaan silang magbigay ng tunog at ihalo ang mga tunog upang makabuo ng mga salita.<br><br>Ama asa aasa<br><br>Pagkatapos makabuo ng salita, ipaliwanag ang kahulugan nito. | Upang higit pang malinang ang mga kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasama ng mga letra m,s at sumangguni sa Primer sa L1 ng mag-aaral o sa sumusunod na Primer LM sa Tagalog (pp.7-8):<br>https://drive.google.com/drive/folders/1-jYk9TIeI8f2XJv3QXv3lCXlhVk3zSvn?fbclid=IwAR0pn8OIfXkuWiKHsBMMkMl14SZiAaLyQyEgYxIBiaVVEmeov-Gq2SvqhA0<br><br>Hatiin ang mga mag-aaral sa maliliit na grupo. Bawat grupo ay gagawa ng isang simpleng pag-uusap na nagpapakita ng mga paraan ng pagbibigay at pagtugon sa mga kahilingan gamit ang mga bagong salitang natutuhan na may m, s at a. Magtalaga ng mga salita sa bawat pangkat upang gamitin ang mga sumusunod na salita sa pangungusap.<br>ama, sama, mama, Sam, masama.<br>Example: |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | larawan mula sa magic box at idikit ito sa pahina na may tamang kategorya.<br><br>**tao**- tatay Sol, nanay Susan, Ate Sara, kuya Sam<br><br>**bagay**- susi, suklay, supot<br><br>**lugar**- simbahan<br><br>**pagkain-** suman, sibuyas<br><br>Bigyang-diin ang tunog ng /**s**/ habang pinapangalanan ang mga larawan.<br>Pagkatapos ay isulat ang letrang **S**.<br>Sabihin:<br><br>Ano muli ang itsura ng letrang S?<br><br>Sabay-sabay nating isulat ito sa hangin, sa palad, sa sahig, sa likod ng ating kaklase.<br><br>Habang isinusulat ang letrang **s**, bigkasin ang tunog nito:<br><br>Sabihin: /s-s-s/- letrang **s**<br><br>/s-s-s/- letrang **s** | alimango , Ali, ate, anak, araw<br><br>(Palakpakan ang mga nakasagot ng tama sa mga tanong o bigyan ang mga bata ng ilang gantimpala)<br><br>Sabihin: Ano nga muli ang tunog ng letrang Aa?<br><br>alimango -/a/, /a/ alimango<br><br>Ali - /a/, /a/ Ali<br>ate -/a/, a/ate<br>anak - /a/, /a/anak<br>araw - /a/, /a/araw<br><br>Himukin ang mga mag-aaral na mag-isip at magbigay ng iba pang mga salita na nagsisimula sa letrang Aa.<br>Sabihin:<br>Bukod sa mga bagay na nabanggit sa kuwento, mayroon pa ba kayong alam na mga bagay o salitang nagsisimula sa tunog ng /a/. Sige nga magbigay nga kayo ng halimbawa. | | Mag-aaral A/Anak: Ama gusto ko pong kumain ng hinog na mangga. Maaari po bang magpakuha?<br><br>Mag-aaral B/Ama: Oo anak. Ilan ba ang gusto mo?<br>Mag-aaral A/Anak: Salamat po Ama. Tama na po ang dalawa para sa amin ni Ate.<br>Mag-aaral B/Ama: Walang anuman anak. Sasama ba kayo sa akin?<br>Mag-aaral A: Opo Ama.<br>Maraming salamat po<br><br>Pagkatapos tumawag sa bawat pangkat, iproseso ang mga sagot at bigyang diin ang kahalagahan ng pagkakaroon ng pakiramdam ng pasasalamat. |




DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | Ano nga muli ang tunog ng letrang Aa?<br>alimango -/a/, /a/ alimango Ali - /a/, /a/ Ali<br>ate -/a/, a/ate | | |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman*<br>*at Kasanayan sa Mahahalagang*<br>*Pag-unawa/ Susing Ideya* | Hilingin sa mga mag-aaral na tumugon sa mga sumusunod na tanong:<br><br>1. Ano ang maaaring mangyari kung walang pangalan ang mga nakikita natin sa paligid? Mga tao?<br>2. Bakit mahalagang mabigyan natin ng pangalan ang bawat bagay, lugar, pagkain, at tao?<br><br>Tumawag ng mag-aaral na maaaring magbahagi ng kanyang sagot.<br><br>Pagkatapos ay sabihin sa mga mag-aaral na ang ilang mga larawan sa malaking aklat ng **S** ay nahalo sa iba pang mga larawan at kailangan itong ayusin.<br>Tumawag ng mga batang gustong tumulong na hanapin ang mga ito sa paligid ng silid-aralan at idikit ang mga ito sa pisara.<br>Habang nakakakuha ng larawan ang bawat mag-aaral, hayaan silang pangalanan ito at ibigay ang panimulang tunog nito. | Hilingin sa mga mag-aaral na hanapin ang mga larawan ng mga bagay na nagsisimula sa letrang A at ikonekta ito sa mga sipit ng larawan ng alimango. Pagkatapos ilagay ang mga larawan, hayaan ang mga mag-aaral na sabihin ang pangalan ng larawan at sabihin ang tunog ng letrang A.<br><br>Sabihin:<br>Mga bata, halika't maglaro tayo. Madali lang ang ating gagawin, hahanapin lang natin ang mga larawang nagsisimula sa letrang Aa at ikakabit natin ito sa mga sipit ni Alimango.<br>Pagkatapos ay sasabihin lamang ninyo ang pangalan at bigkasin ang simulang tunog nito. | Hilingin sa mga mag-aaral na tumugon sa mga sumusunod na tanong:<br><br>1.Bakit mainam na gumamit ng mga salitang nakikiusap?<br><br>Tumawag ng mga mag-aaral upang ibahagi ang kanilang mga sagot at puna.<br><br>Pagkatapos ay hilingin sa mga mag-aaral na magbigay ng mga salita na nagsisimula sa letrang A. Isulat ang letrang A sa hangin, sa palad, sa sahig, atbp, habang binibigkas ang tunog nito.<br><br>Gumuhit ng araw sa pisara at isulat ang letrang A. Ipakita ang magic box at tumawag ng mga sasagot para pumili ng larawan sa loob ng kahon.Kung ang larawan ay nagsisimula sa letrang A, ipaskil ito sa isa sa mga sinag ng araw at kung hindi naman ipatong lang ito sa mesa. | Ipagawa sa mga mag-aaral ang "Echo Reading." Basahin nang malakas ang sumusunod na mga salita at parirala sa mga mag-aaral at pagkatapos ay hilingin sa kanila na iparinig ang binasa. Ipakita at imodelo kung paano pinagsasama ang tunog upang makabuo ng salita. Tumawag ng mga boluntaryo upang magsanay sa pagbabasa .<br><br>Aa<br>A a<br>A a<br>A a a<br>M a m a<br>S a s a<br>ama mama |






Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | Hal.<br><br>Pagkatapos ay magsanay sa pagsulat ng letrang A sa hangin, sa palad, atbp. Ipakita ang wastong paraan o tamang stroke kung paano isulat ang malaki at maliit na letrang Aa gamit ang asul - pula-asul na linya.<br>Tumawag ng mga boluntaryo upang magsanay sa pagsulat ng letrang ito sa pisara. | | mas sama<br>aasa masa<br>sasama masama<br>masasama sama- sama |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Paglalapat at Paglalahat* | Hilingin sa mga mag-aaral na pagnilayan at kumpletuhin ang mga pahayag na ito:<br>Ang natutuhan ko sa araw na ito ay ________________ .<br>Nalaman kong mahalaga ang _____________ .<br>Ang tunog ng letrang /**s**/ ay.<br>Isulat ang letrang Ss | Hilingin sa mga mag-aaral na pagnilayan at kumpletuhin ang mga pahayag na ito:<br>Ang natutuhan ko sa araw na ito ay ang makilala ang mga bagay na nagsisimula sa letrang Ss<br>na may tunog na _______ . | Hilingin sa mga mag-aaral na pagnilayan at kumpletuhin ang mga pahayag na ito:<br>Ang natutuhan ko sa araw na ito ay .<br>Kapag makikiusap ako, gagamitin ko ang mga salitang ____at ___.<br>Ang tunog ng letrang Aa ay /______ /.<br>Ganito isulat ang letrang _____________ | Hilingin sa mga mag-aaral na pagnilayan at kumpletuhin ang mga pahayag na ito:<br>Ang natutuhan ko sa araw na ito ay _____.<br>Kapag makikiusap ako, gagamitin ko ang mga salitang ___ at ___ .<br>Kapag pinagsama-sama ang dalawa o tatlong tunog ay nakabubuo ng mga _____________ . |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagtataya ng Natutuhan* | Kulayan ang mga larawan na nagsisimula sa letrang S.<br>Isulat ang letrang S. Sumangguni sa worksheet. | Gawaing Pasalita: Ipakita ang mga sumusunod na larawan sa klase at tumawag ng mga mag-aaral upang tukuyin ang mga larawan na nagsisimula sa letrang A.<br>  <br> <br><br>Gawaing Pasulat<br><br>Sumulat ng maliit na letrang A sa patlang kung ang larawan ay nagsisimula sa tunog nito. | Bilugan ang mga larawan na nagsisimula sa letrang A.<br><br>Isulat ang malaki at maliit na letrang A.<br>Sumangguni sa worksheet. | Match words with corresponding pictures:<br>Mama<br><br>ama<br><br>masa<br><br>sama<br><br>Sumangguni sa worksheet. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | <br><br><br><br> | | |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | | | | |
| *Mga Tala* | Deliver the lesson in the language that the learners know best.<br>Ensure that all learners respond - from simple gestures and words to elaborate their expressions. Include in the daily routine the singing of the alphabet song. | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |

Inihanda ni:

_________________________

Guro

Nirebyu ni:

_________________________

Master Teacher / Head Teacher

Pinagtibay ni:

_________________________

School Head



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph